Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**Rehiyong Isla ng Negros**
***SANGAY NG NEGROS ORIENTAL***
Siyudad ng Dumaguete

Hunyo 28, 2017

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 327 ,s. 2017

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

PARA SA : Katuwang na Tagamanihala ng Sangay
Mga Hepe ng Dibisyon
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok
Mga Punong-guro

---

1. Kalakip ay Memorandum Pangrehiyon Blg. 112, s. 2017, na ipinapaalam ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2017 mula ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto na may temang ***"Filipino: Wikang Mapagbago"***.

2. Hinihikayat ang bawat paaralan na magsasagawa ng mga angkop na gawain alinsunod sa lingguhang paksa ng pagdiriwang.

3. Para sa karagdagang detalye, basahin ang kalakip na memorandum.

4. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**SALUSTIANO T. JIMENEZ, CESO VI**
OIC, Tanggapan ng ARD
Tagapangasiwa ng Dibisyon
6/28/17

STJ/raj

28 JUN 2017

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION
# NEGROS ISLAND REGION

**RECEIVED**
CONTROL NO. 1139
RECEIVED BY:
DATE RECEIVED: 3/31/17

Ika-31 ng Marso 2017

**MEMORANDUM PANGREHIYON**
Blg. 112, s. 2017

D: 4/4/17

**RELEASED**
CONTROL NO. 907
RELEASED BY:
DATE RELEASED: 3/31/17

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

To: Tagapaminhala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan
Iba Pang mga Kinauukulan

---

1. Kalakip ay ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017, na ipanapaalam ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2017 mula ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto na may temang "***Filipino: Wikang Mapagbago***".

2. Ang pagdriwang ay may lingguhang paksa na siyang patnubay at batayan sa mga gawaing isasagawa. Ang mga dibisyon at mga paaralan ay may kalayaan sa pagpili ng paksa sa bawat linggo.

3. Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa nakalakip na memorandum.

4. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**SALUSTIANO T. JIMENEZ, LI.B, CESO VI**
Tagapaminhala ng mga Paaralan
Nanunungkulang Pangalawang Direktor ng Kawanihan

Republic of the Philippines
# Department of Education

RECEIVED
CONTROL NO. 1620
RECEIVED BY:
DATE RECEIVED: 03-24-17

20 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **58**, s. 2017

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

   Komisyong sa Wikang Filipino
   Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
   San Miguel, Maynila
   Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
   Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
   Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. MUYOT**
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

APA R-Buwan ng Wikang Pambansa 2017
0253/March 11, 2017